## 8 paraan ng paghahanda upang makapagpatala

1. **Alamin ang tungkol sa Pamilihan ng SHOP.** Tingnan kung ang iyong negosyo ay kuwalipikado para sa Pamilihan ng SHOP at kung paano ito magbibigay pakinabang sa iyo at sa iyong mga empleyado. Gamitin ang Pagkalkula sa SHOP ng Full-time Equivalent Employee (FTE) sa HealthCare.gov/shop-calculators-fte upang malaman kung ikaw ay kuwalipikado.
2. **Kausapin ang iyong mga empleyado.** Alamin kung ano ang mga pangangailangan sa pagsakop ng iyong mga empleyado. Makatutulong ito sa iyong pagpapasiya sa pagsakop, at makakakuha ka ng ideya kung ilang mga empleyado ang maaaring nagnanais na lumahok. Maaaring kailangan mo na makamit ang pinakamaliit na katumbas sa paglahok upang makabili ng pagsakop sa pamamagitan ng Pamilihan ng SHOP. Gamitin ang Pagkalkula sa SHOP ng Pinakamaliit na Katumbas sa Paglahok sa HealthCare.gov/small-businesses/shop-calculators-mpr upang malaman kung ilan sa iyong mga empleyado ang kailangang pumayag sa iyong alok sa pagsakop.
3. **Suriin ang mga planong pangkalusugan na makukuha para sa iyo.** Upang makita ang mga presyo ng mga planong pangkalusugan at pang-ngipin, bumisita sa HealthCare.gov/see-plans/#/small-business.
4. **Itakda ang iyong badyet.** Pag-isipan kung magkano ang maaari mong magasta para sa grupong pagsakop. Kailangan mo ring isaalang-alang kung magkano ang maaaring magasta ng iyong mga empleyado para sa kanilang pagsakop.
5. **Pag-isipan kung kailan makapagsisiumula.** Ang mga maliliit na negosyo ay maaaring mag-umpisa ng pag-aalok ng pagsakop sa Pamilihan ng SHOP anumang oras ng taon. Kailangan mong pumili ng buwan upang mag-umpisa sa pagsakop. Isaalang-alang kung anong pagkakataon ang pinakamahusay na gagana para sa iyo at sa iyong mga empleyado.
6. **Alamin kung ikaw ay kuwalipikado para sa kredito sa buwis.** Ang Pagkalkula sa Kredito sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan ng Maliliit na Negosyo ay makatutulong upang malaman kung ang iyong negosyo ay maaaring maging kuwalipikado para sa Kredito sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa Maliliit na Negosyo, at magkano ang maaaring maging halaga nito sa iyo. Bumisita sa HealthCare.gov/shop-calculators-taxcredit.
7. **Maging maayos.** Ipunin ang mga pangunahing impormasyon tungkol sa iyong negosyo, tulad ng listahan ng mga full-time at part-time na empleyado na binabalak mong sakupin, at ang iyong numero ng tax ID.
8. **Kumuha ng tulong.** Ang mga lisensiyadong ahente at mga brokers na nakarehistro upang makipagtulungan sa Pamilihan ng SHOP ay maaaring makatulong sa iyo sa paghahanap ng iyong mga pagpipilian sa pagsakop at sa pagtatapos ng aplikasyon, na karaniwang walang karagdagang gastos sa iyo at sa iyong mga empleyado.

May karapatan kang makakuha ng impormasyon sa produktong ito sa isang alternatibong kaayusan. Mayroon ka ring karapatan na maghain ng reklamo kung nararamdaman mo na ikaw ay nilabanan ng may diskriminasyon. Bumisita sa **https://www.cms.gov/About-CMS/Agency-Information/Aboutwebsite/CMSNondiscriminationNotice.html**, o tumawag sa Sentro ng Pagtawag sa Pamilihan sa 1-800-318-2596 para sa higit na impormasyon. Ang mga gumagamit ng TTY ay kailangang tumawag sa 1-855-889-4325.

**SHOP Marketplace**
Health Insurance for Small Businesses

CMS Product No. 11630-Tagalog
Revised September 2016



# Tungkol sa SHOP Marketplace

## Health Insurance for Small Businesses

Ang Pamilihan ng SHOP ay tumutulong sa mga maliliit na maypagawa na may 1-50 na mga empleyado na mag-alok ng segurong pangkalusugan, sa karamihan sa mga estado. Sa pamamagitan ng Pamilihan ng SHOP, maaari kang makakita ng mura, pribadong pagsakop sa pangkalusugan at pang-ngipin para sa iyo at sa iyong mga empleyado.

# Ang Pamilihan ng SHOP

## Binibigyan ka ng kontrol

Sa pagiging isang maypagawa, mapapamahalaan mo ang pagsakop na iaaalok mo at kung magkano ang iyong iaaambag para sa mga hulog ng iyong mga empleyado.

## Binibigyan ka ng pagkakataong makapagpalit at mga pagpipilian sa pagsakop

- Bumisita sa HealthCare.gov/small-businesses upang masuri ang iyong mga pagpipilian sa pagsakop at magpasiya kung ano ang pinakamahusay para sa iyong negosyo.
- Mag-alok sa iyong mga empleyado ng higit pa sa isang plano mula sa higit pa sa isang kompanya ng seguro, o pumili ng isang plano na gusto mong ialok.
- Mag-alok ng pagsakop anumang oras ng taon.

## Maaaring makatulong sa iyo na maging kuwalipikado para sa isang kredito sa buwis

Kapag nag-alok ka ng pagsakop sa Pamilihan ng SHOP, maaari kang maging kuwalipikado para sa Kredito sa Buwis sa Pangangalagang Pangkalusugan para sa Maliliit ng Negosyo, na maaaring magkahalaga ng hanggang 50% (hanggang 35% para sa mga maypagawa na hindi-saklaw ng buwis) ng iyong kabahagi para sa mga halaga ng hulog. Upang maging kuwalipikado, kailangan mo na:

- May mas kaunti sa 25 full-time equivalent (FTE) na mga empleyado na kumikita ng karaniwang halos $50,000 sa isang taon o mas maliit pa.
- Magbayad man lamang ng kahit na 50% ng halaga ng hulog ng iyong mga FTEs. Ang mga ipon sa buwis ay nagkakahalaga ng hanggang 50% ng iyong kontribusyon para sa mga halaga ng hulog ng mga empleyado (hanggang 35% para sa mga hindi-saklaw ng buwis na mga maypagawa).

## Padadaliin ang paghahambing ng mga pagpipilian sa pagsakop

Ang Pamilihan ng SHOP ay nagpapakita ng gastos at mga detalya ng pagsakop sa isang pamantayang ayos, sa pamamagitan ng paggamit ng simpleng salita na pinapadali ang paghahambing ng mga pagpipiliang pagsakop. Maaari mong paghambingin ang mga plano batay sa presyo, mga benepisyo, at iba pang mga katangian na mahalaga sa iyo at sa iyong mga empleyado.

## Nagbibigay ng mga planong pangkalusugan na pinapalakad ng mga pribadong kompanya

Ang mga plano ay pinapalakad ng mga pribadong kompanya ng segurong pangkalusugan, sa parehong paraan na ang mga maliliit na planong pang-grupo ay pinalalakad. Ang lahat na mga plano ay nag-aalok ng magkakatulad na hanay ng mahalagang mga benepisyong pangkalusugan, tulad ng mga pagbisita sa doktor, pangangalagang panghadlang, pagpapa-ospital, at mga reseta. Mayroon ding mga limitasyon sa mga pagkakaiba ng mga hulog na maaaring singilin ng mga kompanya ng seguro batay sa gulang, at mga paghihigpit sa pagsingil sa mga tao ng higit pa batay sa mga dating-umiiral na mga kondisyon.

# Pagkuha ng Tulong

May 3 paraan upang makakuha ng mga kasagutan sa iyong mga katanungan.

1. **HealthCare.gov:** May sari-saring klase ng mapagkukunan at mga gamit sa Pamilihan ng SHOP na makatutulong sa iyo sa paghahanap ng pagsakop na makabubuti para sa iyong negosyo.
2. **Mga Ahente at mga Brokers:** Mga lisensiyadong eksperto sa seguro na nakarehistro sa Pamilihan ng SHOP na maaaring makatulong sa iyo sa paggawa ng pagpapasiya at sa pamamaraan ng pagpapatala, na karaniwang walang gastos para sa iyo. Bumisita sa LocalHelp.HealthCare.gov upang maghanap ng isang ahente o broker sa iyong lugar.
3. **Ang Sentro ng Pagwatag sa SHOP:** Maaari kang makipag-alam sa Sentro ng Pagtawag sa SHOP sa **1-800-706-7893**, Lunes – Biyernes, 9 n.u. - 7 n.g. ET. Ang mga gumagamit ng TTY ay kailangang tumawag sa 711 upang maabot ang isang kinatawan ng sentro sa pagtawag sa SHOP.